Kamakailan inalerto kami ng mga pederal na partner tungkol sa maliit na bilang ng mga seryosong masamang pangyayari na kinasasangkutan ng bakunang Johnson & Johnson (Janssen).

Bagaman ang mga pangyayaring ito ay bihirang bihira, dulot ng maraming pag-iingat, inihinto namin ang pagsasagawa ng bakunang Johnson & Johnson sa Lungsod ng New York, epektibo sa Martes (4/13).

Ang mga kaso na nirerepaso ng FDA at CDC ay kinasasangkutan ng isang uri ng pamumuo ng dugo na tinatawag na cerebral venous sinus thrombosis (CVST) na nakita kasama ng mga mababang antas ng mga platelet sa dugo (thrombocytopenia).

Ang mga tao na tumanggap ng bakunang J&J na nagkaroon ng malalang sakit sa ulo, pananakit sa tiyan, pananakit sa binti, o kakapusan ng hininga sa loob ng tatlong linggo pagkatapos ng pagbabakuna ay dapat na kontakin ang kanilang tagapagkaloob sa pangangalagang pangkalusugan.

Alamin ang higit pa tungkol sa mga bakuna sa COVID-19: nyc.gov/covidvaccine

Tagalog

NYC Health